



Klase ng 2017

Checklist ng Mga Kinakailangan sa Pagtatapos

Pangalan ng Mag-aaral: _____

Ang checklist ng mga kinakailangan sa pagtatapos na ito ay para sa mga mag-aaral sa Klase ng 2017 (mga mag-aaral na pumasok sa ika-9 na baitang sa taong pampaaralan 2013–14). Upang makakuha ng diploma, kailangang maipasa ng mag-aaral ang mga pagsusulit ng estado sa Sining sa Wikang Ingles, Agham, at Matematika. Nakalista ang mga karagdagang kinakailangan sa ibaba. Ang seksyong “Mga Credit sa High School” ay nakadepende sa mga lokal na kinakailangan.

Ang mga mag-aaral na hindi makakatugon sa pamantayan sa mga regular na pagtatasa ng estado na kinakailangan sa pagtatapos ay maaaring gumamit ng mga alternatibong inaprubahan ng estado na makikita sa pahina 2 ng dokumentong ito, depende sa pagiging kwalipikado.

Kung makakatanggap ang isang mag-aaral ng mga serbisyo ng **espesyal na edukasyon**, gagabayan ng kanyang pangkat ng Individualized Education Program (IEP) ang pagpapasya tungkol sa kung aling mga pagtatasa ng estado o alternatibo ang naaangkop upang matugunan ang mga kinakailangang pagtatasa para sa pagtatapos (pakitingnan ang “Espesyal na Edukasyon at Pagsusulit ng Estado” sa www.k12.wa.us/Resources).

Ang mga mag-aaral na **lilipat** sa mga pampublikong paaralan ng Washington ay maaaring mag-apply para sa waiver ng mga kinakailangan sa pagtatasa para sa pagtatapos o, depende sa kanilang sitwasyon, ay maaaring kwalipikadong magsagawa ng Mga Alternatibo sa Pagtatapos nang hindi sinusubukan ang mga pagtatasa ng estado.

Puntahan ang tagapayo sa iyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

MGA CREDIT SA HIGH SCHOOL:

Basahin ang [Washington Administrative Code \(WAC\) 180-51-067](#) para sa mga detalye

Ingles Kinakailangan _____ Nakuha _____

Matematika Kinakailangan _____ Nakuha _____

Agham Kinakailangan _____ Nakuha _____

Mga Araling Panlipunan Kinakailangan _____ Nakuha _____

Sining Kinakailangan _____ Nakuha _____

Kalusugan at Kalakasan
ng Katawan Kinakailangan _____ Nakuha _____

Mga Wika Kinakailangan _____ Nakuha _____

Edukasyon sa
Paghahanda sa Trabaho Kinakailangan _____ Nakuha _____

Mga Elective Kinakailangan _____ Nakuha _____

Iba pa: _____

_____ Kinakailangan _____ Nakuha _____

MGA PAGSUSULIT NG ESTADO:

Tingnan ang pahina 2 para sa mga detalye

Sining sa Wikang Ingles Pasado

Agham Pasado

Matematika Pasado

PLANO SA HIGH SCHOOL AT HIGIT PA RITO:

Idinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral na regular na pag-isipan ang kanilang hinaharap at pumili ng kursong pinakamahusay na maghahanda sa kanila para sa kanilang mga layunin pagkatapos ng high school, ginawa ito sa pakikipagtulungan ng mga magulang/tagapag-alaga at kawani ng paaralan.

Kumpleto

Mga Kinakailangan para sa Pagkuha ng Klase ng 2017 ng Pagsusulit ng Estado

SINING SA WIKANG INGLÉS	AGHAM	MATEMATIKA
Ang kinakailangan para sa sining sa wikang ingles (English Language Arts o ELA) ay natugunan ng (pumili ng isa):	Ang kinakailangan para sa Agham ay natugunan ng (pumili ng isa):	Ang kinakailangan para sa Matematika ay natugunan ng (pumili ng isa):
Pagkakaroon ng markang hindi bababa sa 2548 sa Smarter Balanced na pagsusulit para sa ELA.	Pagpasa sa End-of-Course (EOC) na pagsusulit para sa Biology.*	Pagpasa sa isang End-of-Course (EOC) na pagsusulit para sa Matematika o sa isang EOC na pagsusulit para sa pagtatapos ng pag-aaral.*
Pagkakaroon ng markang hindi bababa sa 2595 sa Smarter Balanced na pagsusulit para sa Matematika.	Pagkakaroon ng markang pasok sa CIA (Antas 2) sa EOC na pagsusulit para sa Biology* (para lang sa mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†	Pagkakaroon ng markang hindi bababa sa 2595 sa Smarter Balanced na pagsusulit para sa Matematika* o pasok sa CIA (Antas 2) sa Smarter Balanced na pagsusulit para sa Matematika (para lang sa mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†
Pagkakaroon ng markang pasok sa CIA (Antas 2) sa Smarter Balanced na pagsusulit para sa ELA (para lang sa mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†	Pagpasa sa Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) para sa ELA (para lang sa mga mag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP, na may mga kapansin-pansing problema sa cognition).‡	Pagpasa sa Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) para sa Matematika (para lang sa mga mag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP, na may mga kapansin-pansing problema sa cognition).‡
Pagpasa sa Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) para sa ELA (para lang sa mga mag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP, na may mga kapansin-pansing problema sa cognition).‡	Pagpasa sa Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) para sa Agham (para lang sa mga mag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP, na may mga kapansin-pansing problema sa cognition).‡	Pagpasa sa Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) para sa Matematika (para lang sa mga mag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP, na may mga kapansin-pansing problema sa cognition).‡
Paggamit sa opsyong Pagkukumpara sa GPA.**	Paggamit sa opsyong Pagkukumpara sa GPA.**	Paggamit sa opsyong Pagkukumpara sa GPA.**
Pagkakaroon ng markang 3 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit para sa AP, o kaya, pagkakaroon ng markang 4 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit para sa IB na naaprubahan para sa ELA.**	Pagkakaroon ng markang 3 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit para sa AP, o kaya, pagkakaroon ng markang 4 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit para sa IB na naaprubahan para sa Agham.**	Pagkakaroon ng markang 3 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit para sa AP, o kaya, pagkakaroon ng markang 4 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit para sa IB na naaprubahan para sa Matematika.**
Pagkakaroon ng sapat na marka sa SAT o ACT Plus Writing.**	Pagkakaroon ng sapat na marka sa ACT.**	Pagkakaroon ng sapat na marka sa SAT o ACT.**
Pagpasa sa Collection of Evidence (COE) para sa ELA.**	Pagpasa sa Collection of Evidence (COE) para sa Biology.**	Pagpasa sa Collection of Evidence (COE) para sa Matematika.**
Pagpasa sa pagtatasa para sa Mas Mababang Antas (Off-Grade Level assessment) sa ELA (para lang sa mga mag-aaral na nasa ika-11 at ika-12 baitang, sa bawat pangkat ng IEP, na tumatanggap ng espesyal na edukasyon).†	Pagpasa sa pagtatasa para sa Mas Mababang Antas (Off-Grade Level assessment) sa Agham (para lang sa mga mag-aaral na nasa ika-11 at ika-12 baitang, sa bawat pangkat ng IEP, na tumatanggap ng espesyal na edukasyon).†	Pagpasa sa pagtatasa para sa Mas Mababang Antas (Off-Grade Level assessment) sa Matematika (para lang sa mga mag-aaral na nasa ika-11 at ika-12 baitang, sa bawat pangkat ng IEP, na tumatanggap ng espesyal na edukasyon).†
Pagpasa sa isang Locally Determined Assessment (LDA) sa ELA (para lang sa mga mag-aaral na nasa ika-12 baitang, sa bawat pangkat ng IEP, na tumatanggap ng espesyal na edukasyon).†	Pagpasa sa isang Locally Determined Assessment (LDA) sa Agham (para lang sa mga mag-aaral na nasa ika-12 baitang, sa bawat pangkat ng IEP, na tumatanggap ng espesyal na edukasyon).†	Pagpasa sa isang Locally Determined Assessment (LDA) sa Matematika (para lang sa mga mag-aaral na nasa ika-12 baitang, sa bawat pangkat ng IEP, na tumatanggap ng espesyal na edukasyon).†
Para sa mga mag-aaral na magtatapos nang hindi pa pumapasa sa pagsusulit ng estado ng Washington para sa ELA, na-waive ang kinakailangan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):	Para sa mga mag-aaral na magtatapos nang hindi pa pumapasa sa pagsusulit ng estado ng Washington para sa Agham, na-waive ang kinakailangan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):	Para sa mga mag-aaral na magtatapos nang hindi pa pumapasa sa pagsusulit ng estado ng Washington para sa Matematika, na-waive ang kinakailangan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):
Pagpasa sa isang pagsusulit sa high school para sa ELA na naaprubahan ng OSPI sa ibang estado.‡	Pagpasa sa isang pagsusulit sa high school para sa Agham na naaprubahan ng OSPI sa ibang estado.‡	Pagpasa sa isang pagsusulit sa high school para sa Matematika na naaprubahan ng OSPI sa ibang estado.‡
Pag-apela sa estado kaugnay ng isang kinakailangan para sa pagtatasang nauugnay sa ELA dahil sa isang espesyal na sitwasyon.‡‡‡	Pag-apela sa estado kaugnay ng isang kinakailangan para sa pagtatasang nauugnay sa Agham dahil sa isang espesyal na sitwasyon.‡‡‡	Pag-apela sa estado kaugnay ng isang kinakailangan para sa pagtatasang nauugnay sa Matematika dahil sa isang espesyal na sitwasyon.‡‡‡

* Ibinatay ang mga EOC na pagsusulit para sa Matematika para sa pagtatapos ng pag-aaral sa na-update na Mga Pamantayan sa Pagkatuto ng Estado ng Washington. Ibinatay ang mga EOC na pagsusulit para sa Biology para sa pagtatapos ng pag-aaral sa nagdaang Mga Pamantayan sa Pagkatuto ng Estado ng Washington para sa Agham.

** Simula noong Agosto 2015, hindi pa natutukoy ang mga markang kinakailangan upang makatanggap ang mga mag-aaral ng Certificate of Individual Achievement (CIA). Iaanunsyo ang mga marka sa Nobyembre 2015.

† Nakadepende ang pakikilahok ng isang kwalipikadong mag-aaral sa pambansang pagsusuri sa [pasya ng pangkat ng Individualized Education Program \(IEP\)](#), hindi sa pasya ng administrasyon.

** Maliban na lang kung lumipat ang isang mag-aaral sa isang pampublikong paaralan sa Washington sa kanyang ika-11 o ika-12 baitang, dapat muna siyang kumuha ng mga pagtatasa ng estado bago siya maging kwalipikadong kumuha ng mga alternatibo sa bawat content area (www.k12.wa.us/assessment/GraduationAlternatives).

‡ Dapat ay nanggaling ang mag-aaral sa ibang estado o pribadong paaralan bago siya lumipat sa pampublikong paaralan sa Washington.

‡‡‡ Upang makapag-apply, dapat ay nasa ika-12 baitang ang mag-aaral at dapat niyang matugunan ang [napakalimitadong](#) pamantayan na nakabalangkas sa [Washington Administrative Code \(WAC\) 392-501-601](#).

Mga Kinakailangan para sa Pagkuha ng Klase ng 2017 ng Pagsusulit ng Estado

Mga Madalas Itanong

Dapat matugunan ng mga mag-aaral ang ilang kinakailangan ng estado at lokal na pamahalaan para sa pagtatapos upang makakuha ng high school diploma.

May checklist ng mga kinakailangan sa pagsusulit sa pahina 1 ng dokumentong ito. Tinutukoy sa pahina 2 ang mga magagamit na opsyon sa pagsusulit upang matugunan ang mga kinakailangang iyon.

Nasa ibaba ang mga sagot sa ilang madalas itanong tungkol sa mga pagsusulit ng estado. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa tagapayo sa iyong paaralan o pumunta sa www.k12.wa.us/GraduationRequirements.

Ano ang kinakailangang pagsusulit ng estado para sa pagtatapos sa high school para sa Klase ng 2017?

Dapat matugunan ng mga mag-aaral ang pamantayan sa English language arts (ELA), matematika, at agham upang maging kwalipikadong makapagtapos. Tingnan ang pahina 2 ng dokumentong ito para sa mga pagsusulit at alternatibo.

Mayroon bang mga opsyon para sa mga mag-aaral na kwalipikadong makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon kung hindi naaangkop ang mga pagsusulit ng estado?

Pinagpapasyahan ng mga pangkat ng Individualized Education Plan (IEP) kung aling mga inaprubahang alternatibo ang maaaring gamitin ng mga mag-aaral na nakakatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon upang matugunan ang mga kinakailangang pagtatasa para sa pagtatapos.

Ang mga distrito ay may mga prosesong nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na kwalipikadong makatanggap ng espesyal na edukasyon na hindi isama ang mga kinakailangang kurso o credit kapag may direktang kaugnayan sa pagitan ng pagkabigong makatugon sa mga kinakailangang kurso o credit at sa kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang [WAC 180-51-115](#)).

Kailan ipapakita ang mga resulta ng pagsusulit sa high school sa panahon ng tagsibol?

- **Smarter Balanced:** Sa loob ng ilang linggo mula nang makumpleto ng mag-aaral ang pagsusulit
- **EOC:** Agosto
- **WA-AIM:** Hulyo

Kailan ko maaaring kuning muli ang pagsusulit ng estado na hindi ko naipasa?

- **Smarter Balanced:** Nobyembre at Marso-Hunyo
- **EOC:** Enero-Pebrero at Mayo-Hunyo
- **WA-AIM:** Setyembre-Nobyembre at Oktubre-Abril

Ang iba pang mga pagsusulit na maaaring gamitin bilang mga alternatibo sa pagtatasa para sa pagtatapos, tulad ng SAT, ACT, AP, at IB, ay mayroong mga time frame na itinakda ng mga organisasyon na nagbibigay ng mga ito. Walang tungkulin ang estado sa pagtatakda sa mga iskedyul ng pagsusulit na ito.

Ano ang mangyayari kung hindi ko natugunan ang lahat ng aking kinakailangan sa pagtatasa para sa pagtatapos, ngunit naipasa ko ang lahat ng iba ko pang mga kinakailangan?

Hindi ka makakakuha ng diploma. Ang pagpasa sa mga pagsusulit o alternatibo ng estado ay kinakailangan sa pagtatapos, maliban kung ipinawalang-bisa sa ilalim ng mga *napakalimitadong* kundisyon (pantahan ang tagapayo sa iyong paaralan para sa higit pang impormasyon).

Kung hindi ako nakapasa sa lahat ng aking pagsusulit ng estado o kinakailangang klase, makakapagmartsa pa rin ba ako kasabay ng mga kaklase ko sa seremonya ng pagtatapos?

Ang mga lokal na distrito ng paaralan ay may mga patakaran na tumutukoy mga lalahok sa mga seremonya ng pagtatapos.

Maaari ko bang isagawa ang isa sa mga opsyon sa pagtatasa, gaya ng pagkolekta ng katibayan o SAT, sa halip na kunin ang mga pagsusulit ng estado?

Hindi *bilang pamalit* sa pagkuha ng mga pagsusulit ng estado, ngunit bilang karagdagang oportunidad kung *hindi ka nakapasa* sa mga pagsusulit ng estado. Dapat subukang kunin ng mga mag-aaral ang bawat pagsusulit ng estado kahit isang beses lang bago subukan ang mga alternatibong inaprubahan ng estado.

Gayunpaman, kung lilipat ang isang mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng Washington sa ika-11 o ika-12 baitang, maaaring payagan ng iba pang mga pamantayan ang mag-aaral na i-access ang mga alternatibo para sa pagtatapos nang hindi muna sinusubukan ang pagtatasa ng estado.

Ilang credit ang kailangan ko upang makapagtapos?

Bagama't kailangan ng estado ng hindi bababa sa 20 credit (tingnan ang [WAC 180-51-067](#)), maraming distrito ng paaralan ang nangangailangan ng higit dito. **Dapat mong matugunan ang mga kinakailangan ng iyong lokal na distrito upang makapagtapos.** Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan upang malaman ang mga eksaktong kinakailangan para sa iyong pagtatapos.

Kung maipapasa ko ang lahat ng credit na kinakailangan ng estado, makakakuha ba ako ng diploma mula sa estado?

Walang diploma na ibinibigay ang estado. Ang mga lokal na distrito ng paaralan ang nagbibigay ng mga diploma.

Ano ang aking mga opsyon kung hindi ako makakatapos sa tamang oras?

- **Manatili sa iyong high school.** Ang K-12 na pampublikong edukasyon ay libre hanggang sa edad na 21.
- **Mag-enroll sa isang programa para makatapos sa high school sa isang pangkomunidad o panteknikal na kolehiyo.** Karaniwang may bayad ang mga programang ito kung ikaw ay 16 hanggang 18 taong gulang. Kung ikaw ay 19 na taong gulang o mas matanda, mayroong opsyon ang mga kolehiyo na i-waive ang matrikula. Alamin kung nag-aalok ang kolehiyong gusto mong pasukan ng programa para makatapos sa high school.
- **Simulan ang mga kurso sa kolehiyo sa isang pangkomunidad o panteknikal na kolehiyo nang walang high school diploma.**
- **Makakuha ng certificate na katumbas ng high school.** Makakakuha ng certificate pagkatapos maipasa ang maraming pagsusulit. Kailangang ng mga mag-aaral na wala pang 19 na taong gulang na magkaroon ng dokumento ng pag-alis sa paaralan mula sa kanilang high school upang makasali sa isang programang katumbas ng high school.